

MAYROON KANG KARAPATAN SA MAAASAHANG ISKEDYUL NG TRABAHO

Sa ilalim ng Fair Workweek Law (Batas sa Pantay na Linggo ng Trabaho) ng NYC, ang ilang employer sa pagbebenta ay dapat bigyan ang kanilang mga empleyado ng maaasahang mga iskedyul sa trabaho. Ang mga tagapagbenta ay dapat magpaskil ng abisong ito kung saan ito ay madaling makita ng mga empleyado sa bawat lugar ng trabaho sa NYC.*

Saklaw ng Batas ang mga Empleyado sa Pagbebenta

Lahat ng mga empleyado na nagtatrabaho sa negosyong pagbebenta na pangunahing nagbebenta ng mga kalakal para sa mamimili at nagpapatrabaho ng hindi bababa sa 20 na mga manggagawa sa NYC.

Ang batas ay naaangkop anuman ang katayuan sa imigrasyon.

Mga Empleyado sa Pagbebenta na HINDI Saklaw ng Batas

Mga empleyadong saklaw ng ilang kasunduan sa kolektibong kasunduan.



Hindi maaaring magparusa, magmulta, gumanti, o gumawa ng aksyon ang mga employer laban sa mga empleyado na maaaring pumigil o humadlang sa kanila sa paggamit ng kanilang mga karapatan sa ilalim ng batas. Ang mga manggagawa ay dapat agarang makipag-ugnayan sa OLPS tungkol sa pagganti. Tingnan sa ibaba.

Iyong mga Karapatan



72 Oras na Paunang Abiso sa Iskedyul ng Trabaho

Ang iyong employer ay dapat:

- Ibigay ang iyong nakasulat na iskedyul sa trabaho nang hindi bababa sa 72 oras bago ang simula ng iskedyul sa paraang madalas na ginagamit ng iyong employer sa pakikipag-ugnayan sa iyo, na may kasamang text at email.
- Ipaskil ang iskedyul sa iyong lugar ng trabaho kung saan ito ay makikita ng lahat ng mga manggagawa.
- Isama ang mga petsa, oras ng simula at pagtatapos ng turnuhan, at (mga) lokasyon ng lahat ng turnuhan sa iskedyul ng trabaho.
- Baguhin at muling ipaskil ang iskedyul at makipag-ugnayan sa lahat ng apektadong mga manggagawa kung magbabago ang iskedyul.



Walang Karagdagang Turnuhan nang Mas Mababa sa 72 Oras na Abiso

Kung gusto ng iyong employer na magdagdag ng oras o mga turnuhan sa iyong iskedyul nang mas mababa sa 72 oras bago ang pagbabago, mayroon kang karapatan na tanggapin o tanggihan ang pagbabago. Kung tatanggap ka ng karagdagang turnuhan, dapat mong gawin ito nang nakasulat.



Walang Pagkansela ng Turnuhan nang Mas Mababa sa 72 Oras na Abiso

Ang iyong employer ay hindi maaaring magkansela ng turnuhan nang mas mababa sa 72 oras bago ang simula ng turnuhan.



Walang On-Call na Turnuhan

Ang iyong employer ay hindi maaaring atasan ka na:

- Maging handa at naroroon upang magtrabaho anumang oras na gustuhin ng employer, hindi alintana kung talagang nagtatrabaho ka o pumapasok sa trabaho.
- "Mag-tsek" sa loob ng 72 oras ng naka-iskedyul na turnuhan upang malaman kung dapat ka bang pumasok para sa turnuhan.

Mga eksepsyon:

Maaaring baguhin ng iyong employer ang iyong iskedyul nang mas mababa sa 72 oras na abiso dahil sa pagsasara sa ilalim ng mga pangyayaring ito:

- Mga pagbabanta sa kaligtasan ng manggagawa o ari-arian ng employer
- Kabiguan ng pampublikong palingkurang-bayan
- Pagsasara ng pampublikong transportasyon
- Sunog, baha, o ibang natural na sakuna
- Estado ng emerhensiya na inihayag ng pamahalaan

Maaaring bigyan ka ng iyong employer ng oras ng pahinga sa trabaho sa iyong kahilingan o pahintulutan kang makipagpalit ng turnuhan sa isa pang empleyado ng pagbebenta.

Magsampa ng reklamo

Ipinatupad ng Tanggapan ng Patakaran at Pamantayan ng Paggawa (Office of Labor Policy & Standards, OLPS) ng Kagawaran ng Ugnayang Mamimili (Department of Consumer Affairs, DCA) ang Fair Workweek Law at ibang mga batas sa paggawa ng NYC.

Upang magsampa ng reklamo sa OLPS, pumunta sa nyc.gov/dca o tumawag sa 311 (212-NEW-YORK sa labas ng NYC) at itanong ang tungkol sa "Fair Workweek Law." Magsasagawa ang OLPS ng imbestigasyon at susubukang lutasin ang iyong reklamo. **Papanatiliing kumpidensyal ng OLPS ang iyong pagkakakilanlan maliban kung ang pagbubunyag ay kinakailangan upang makumpleto ang imbestigasyon o kung iniatas ng batas.**

Maaari ka ring magsampa ng kaso sa korte. Subalit, hindi ka maaaring magkaroon ng reklamo sa OLPS at kaso sa korte nang sabay.

Makipag-ugnayan sa OLPS

Bumisita sa nyc.gov/dca, mag-email sa FWW@dca.nyc.gov, o tumawag sa 311 at itanong ang tungkol sa "Fair Workweek Law."



Bill de Blasio
Mayor

Consumer
Affairs

Lorelei Salas
Commissioner

**Dapat ding ipaskil ng iyong employer ang abisong ito sa anumang wika na pangunahing wika ng hindi bababa sa 5 porsiyento ng mga manggagawa sa iyong lugar ng trabaho kung mayroon sa website ng DCA.*